# ‘DI MAPAPANTAYAN
by Jennys Cabaluna

[1] Ang langit ko’y maulap,
Tila araw ‘di sisikat
Buhay ko’y walang bituin at kaydilim
Bawat araw ay walang kabuluhan
Hanggang si Hesus
Aking nasumpungan

**CHORUS** Awit ko’y awit ng pagsamba
Pasalamat sa pag-ibig N’ya
Tapat si Hesus ‘di S’ya nag-iiba
Magsawalang hanggan ako’y Kanya
Abot kaya akong maglilingkod
Sukdang hininga’y tuluyang malagot
Handog sa Kanya lahat sa buhay ko
'Di mapapantayan pag-ibig N’ya

[2] Si Hesus aking kahapon,
Si Hesus aking ngayon
S’ya sa bawat hakbang ko’y nangunguna
Aking bukas ay nakatalaga
Sa kamay Niyang
Nag-iingat t’wina

**[Repeat Chorus]**

**CODA** 'Di mapapantayan
Pag-ibig N’ya